Biblia Para sa mga Bata

Ihinahalad

Paalam Na Paraon!



Sinulat ni: Edward Hughes

Ilinarawan ni: Janie Forest

Ibinagay ni: Lyn Doerksen

Isinalin ni: Dulia Penalber

Yinari ni: Bible for Children
www.M1914.org

©2007 Bible for Children, Inc.
Lisensia: May karapatan kayo magkopia o imprenta ng kuento,
kung hindi ninyo ipagbibili.

Si Paraon ay naggalit!
Ang Panginoong Diyos
ay nagbigay ng utos
sapamamagitan ni
Moises na paalisin na
ang mga alilang
Israelites sa Ehepto.
Siya ay tumanggi.


"Pahirapan mo sila sa kanilang gawain," ang utos ni Paraon sa kanyang mga tagapagpaatag sa bayan at sa kanilang mga puno. Ngayon, ang mga Israelites ay lalong nasa masamang kalagayan.

"Magtipon kayo ng inyong sariling dayami. Hindi na kami magbibigay, ngunit magyari kayo ng ganong dami ng tisa gaya ng dati." Ito ay panibagong utos ni Paraon.



Pinalu ng mga amo ang mga alipin, dahil sa wala silang panahon maghanap ng dayami at makayari ng ganong karaming tisa.



Sinisi ng mga taohan sina Moises at Aron ng kanilang mga kagulohan. Naghanap si Moises ng tahimik na lugal upang manalangin.

"O Panginoon ko," siya ay umiyak. "Hindi mo na man iniligtas ang iyong mga taohan."

Ngayon pinabalik ng Panginoon sila Moises at Aron sa Paraon. Nang tinanong ng Makapangyarihang hari ang mga alagad ng Diyos na magpakita ng

milagro galing sa Diyos, ang tungkod ni Aron ay naging ahas na gumagapang sa lupa.

"Tawagin ninyo ang mga salamangkero ko," Ang sigaw ng Paraon. Nang dumating ang mga salamangkero, hinagis nila ang kanilang tungkod sa lupa at naging ahas din. Ngunit Kinain ng tungkod ni Aron ang mga ahas na iyon. Gayon man, hindi pa rin pinayagang paalisin ang mga taohan ng Diyos.

Sa umagang sumonod, sila Moises at Aron ay nakipagtagpo kay Paraon sa tabi ng ilog. Nang itinangay ni Aron ang kanyang tungkod, ang tubig sa ilog ay naging dugo. Namatay ang mga isda.

Ngunit pinatigas ng Paraon ang kanyang puso.
Ayaw niyang paalisin ang mga Israelites sa Ehepto.

Sinabihan muli ni Moises ang Paraon na paalisin ang mga taohan ng Diyos. Ang Paraon ay tumanggi muli. Ang Panginoon ay nagpadala ng isang salut. Ang buong Ehepto ay puno ng palaka. Ang bawat bahay, mga silid, at mga hurnohan ay puno ng mga palaka.

"Idalangin mo ako na alisin ng Panginoon ang mga palaka." Nakiusap ang Paraon. "At payagan ko na ang mga taohan ng Diyos." Ngunit, nang wala na ang mga palaka, nagiba ang isip ng Paraon. Hindi niya pinayagan ang mga alipin.

Ang Panginoon ay nagpadala ng napakadaming maliliit na salagubang na tinatawag na mga kuto. Ang bawat tao at hayop ay nangati sa kanilang mga kagat, ngunit ang Paraon ay hindi sumuko sa Panginoong Diyos.



Nagpadala ulit ang
Panginoon ng mga
kawan na langaw.
Nagpadala din ng sakit
o peste sa kabakahan
ng taga Ehepto,
nagkasakit din
ng bukol o pigsa.



Ang mga tao sa Ehepto ay nagdaing ng katakot-takot. Ngunit ang Paraon ay lumaban pa ulit.

Pagkatapos ng mga salut na ito, nag padala na naman ang Panginoon ng mga kawan na balang. Kinain ng mga balang ang lahat ng mga halaman at tanim na tumotubo sa lupang Ehepto.

Ang Panginoon ay nagpadala ng tatlong araw ng kadiliman sa boung Ehepto. Ngunit hindi pa rin pinayagan ang taohan ng Diyos ng matigas na ulong Paraon.

"Magpadala ako ng isa pang salut." Nagabiso ang Panginoon. "Sa hating gabi, ang lahat ng mga panganay na tao at hayop ay mamamatay," Sinabi ng Panginoon sa mga Israelites na ang kanilang mga anak na panganay ay maliligtas kung may dugo ng tupa sa mga harap pintoan ng bahay.



Nang dumating ang hating gabi, malakas ang iyakan na madinig galing sa Ehepto. Ang kamatayan ay dumating na. Isa ang patay sa bawat bahay.

"Umalis na kayo,"

Nakiusap ang Paraon kay Moises. "Umalis at magling-kod sa Panginoong Diyos." Nagmadalian umalis ang mga taohan ng Panginoon at nakarating sila lagpas pa sa gilid ng Ehepto.


Sinabihan ng Panginoon si Moises na dapat alalahanin ang nangyari sa gabing iyon. Ito ang paskua ng Panginoon.
Ang anghel ng Diyos ay dumaan lamang sa mga bahay ng taga Israelites at hinampas ng kamatayan ang mga panganay ng Paraon at kanyang mga taohan.

Pagkatapos ng apat na daan tatlong pong taon (430 yrs) sa Ehepto, ang mga taohan ng Diyos ay napalaya na. Pinangunahan sila ng Panginoon sa pamamagitan ng makapal na ulap sa araw, at ninggas ng apoy sa gabi.

Ngunit ang galit ng Paraon sa mga Israelites ay hindi pa tapos. Nakalimutan na niya ang Panginoon at iniba na naman ang kanyang isip.

Pinaghanda niya ang kanyang mga kawal at hinabol ang aliping mga Israelites. Hindi nagtagal, naabutan sila sa gitna ng dahilig na bundok at dagat.

"Ang Panginoon ay lalaban
sa inyo," Ang sabi ni Moises.
Pumunta si Moises sa tabi ng
dagat at iniunat ang kanyang
kamay sa tubig.

Malaking himala
ang nangyari.
Ang dagat ay
pinapaging tuyong
lupa at ang tubig
ay nahawi.

Ang mga taohan
ng Diyos ay
nakatawid sa
kabila at ligtas
na sila.

Samakatuwid, ang mga kawal ng Paraon ay tumakbo ng matulin patungo sa gitna ng dagat. "Ngayon mahuhuli natin sila," Ang isip ng mga kawal.

Ngunit isinira ng Panginoon ang daan sa dagat at linunok ng tubig ang mga dakilang kawal ng Ehepto. Ngayon alam na ng Paraon na ang Panginoong Diyos ng Israel ay talagang Panginoon sa buong mundo.

Paalam na Paraon!

isang kuentong nanggagaling sa
Salita ng Diyos, ang Biblia,

makikita sa

Eksodu 4 - 15

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay
nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

Ang Wakas

Ang kuentong ito sa Bibliya ay nagsasabi sa atin tungkul sa kahanga-hangang Diyos na naglikha sa atin at ibig niya na a-alamin natin Siya.

Alam ng Panginoon na tayo'y gumagawa ng masamang bagay, na tinatawag na kasalanan. Ang parusa ng kasalanan ay kamatayan, ngunit mahal na mahal tayo niya na ipinadala niya ang kanyang Anak na si Hesus upang maipaku at mamatay sa Krus bilang parusa ng ating mga kasalanan. Nabuhay si Hesus muli at pumunta sa langit! Kungkayo ay maniniwala kay Hesus at humingi ng kapatawaran ng iyong mga kasalanan, gagawin niya iyon! Siya ay maninirahan sa inyong puso ngayon at kayo ay maninirahan na kasama niya sa kanyang tahanan na walang hanggang.

Kung ibig mong iwasan ang iyong kasalanan, sabihin ito sa Panginoon: Mahal na Panginoon, ako'y naniniwala na si Hesus ay namatay para sa akin at nabuhay muli Maaari po bang pumasok kayo sa aking buhay at patawarin po ninyo ako sa aking mga kasalanan, upang ako'y magkaroon ng bagong buhay ngayon at sa sarating na araw ako ay kasama mo sa iyong piling na walang katapusan. Tulongan po ninyo ako habang ako'y naninirahan sa mundo bilang iyong anak. AMEN

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Panginoon araw-araw. Juan 3:16